SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 10, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 02/10/22
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
10 FEB 2022
Sta. Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 089-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 172-T2021/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 18-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG ISANG MILYON DALAWANG DAAN PITUMPU'T TATLONG LIBO DALAWANG DAA'T WALONG PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P1,273,208.40) PARA SA 10 BAHAGDANG PONDONG PANGKABATAAN (10% SANGGUNIANG KABATAAN FUND) NG BARANGAY GATID, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang halagang P1,273,208.40 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at Proyektong Pangkabataan ng nabanggit na barangay sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa kabataan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 172-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 18-T2021 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P1,273,208.40 para sa 10 Bahagdang Pondong Pangkabataan (10% Sangguniang Kabataan Fund) ng Barangay Gatid, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 10, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
02-08-22